ILEGAL NA NAKAPARADANG BISEKLETA

放置自転車について

Ang mga bisekleta o maliit na motorsiklo na ipinarada ng matagal sa isang lugar na di dapat pagparadahan ay ang tinatawag na ilegal na pagpaparada ng bisekleta o HOUCHI JIDENSHA.

Ang mga bisekletang nakaparada sa mga daan ng pedestrian o kalye ay malaking abala sa mga nagdaraan at maaaring magdulot din ito ng sakuna. Kaya't para sa kapakanan na maging safety ang lahat, ang mga lugar tulad ng kapaligiran ng JR Shizuoka Station, Shimizu Station, Kusanagi Station at Yui Station ay may batas na ipinatutupad ukol sa mga illegal na pagpaparada ng mga bisekleta o motorsiklo sa mga lugar o restricted area (HOUCHI KINSHI KUIKI) at controlled parking area (HOUCHI KISEI IKUCHI).

● Restricted area— kukunin o hahakutin agad ang mga ilegal na nakaparadang bisekleta o motorsiklo.

● Controlled parking area— matapos babalaan, makalipas ang 2 oras na nakaparada pa roon ang inyong bisekleta ay hahakutin na ito.

Sakaling may pagpapatibay sa mga may-ari ng mga hinakot na bisekleta o motorsiklo ay padadalhan ito ng mga notification. Maaaring i-save ang inyong bisekleta ng may 2 buwan sa warehouse.

Sakali mang tutubusin ang inyong bisekleta (¥2,000– bisekleta, ¥3,000—motorsiklo) ay kailangang magdala kayo ng inyong identification card (tulad ng alien registration card) at susi ng inyong bisekleta. Kung di tutubusin o kukunin ang bisekleta, sa loob ng dalawang buwan ay iri-recycle ito.

May mga parking para sa bisekleta sa kapaligiran ng mga station at down-town. Sa isang araw ay 100 yen lamang ang bayad sa pagparada sa bisekleta at 150 yen naman para sa mga motorsiklo. May mga lugar na di pwedeng magparada hanggang madaling araw, kaya't mangyaring i-check muna ang oras bago magparada.

Impormasyon: KOUTSUU SEISAKU KA — Road Traffic Policy Division TEL.054-221-1412